



# GABAY NG MGA MAGULANG sa Mga Inirerekomenda at Kinakailangang Pagbabakuna

County of Los Angeles
Public Health

# Talaan ng mga Nilalaman

Bakit Mahalaga ang Inirerekomenda at Kinakailangang Pagbabakuna para sa Iyong Anak ....................1

Napapanahon ba ang Iyong Anak para sa Lahat ng Nakagawiang Regular na Pagbabakuna? ....................1

Inirerekomendang Iskedyul sa 2024 ng Pagbabakuna para sa mga Bata Mula sa Kapanganakan hanggang 6 na Taong Gulang ....................2

Inirerekomendang Iskedyul sa 2024 ng Pagbabakuna para sa mga batang 7 hanggang 18 Taong Gulang ....................3

Mga Bakunang Kinakailangan Para sa Pangangalaga sa Bata (Bago mag-Kindergarten) .................... 4

Mga Bakunang Kinakailangan para sa Pagpasok sa Paaralan ....................5

Pagtatago ng Rekord ng mga Pagpapabakuna ng Iyong Anak ....................6

Hindi Makita ang Rekord ng mga Pagpapabakuna ng Iyong Anak? ....................6

Sundin ang mga Hakbang na Ito upang Masigurado na Napapanahon ang Iyong Anak ....................7

Mayroon Ka Bang Mga Tanong Tungkol sa Nakagawiang Regular at Kinakailangang Pagbabakuna? ....................8

Paano Kumuha ng Mga Nakagawiang Regular at Kinakailangang Pagbabakuna .................... 9

Ano ang mga Benepisyo ng mga Nakagawiang Regular at Kinakailangang Pagbabakuna? ....................9

Mga Hakbang na Dapat Gawin BAGO Mabakunahan ang Iyong Anak .................... 10

Sumusubaybay sa mga Kakaibang Epekto (Side Effects) .................... 11

Iba pang mga Sanggunian (Resources) .................... 12

Mga Sertipiko .................... 13 & 14

# Bakit Mahalaga ang Inirerekomenda at Kinakailangang Pagbabakuna para sa Iyong Anak

**Ang pagbabakuna sa mga bata ayon sa inirerekomendang iskedyul ay pumoprotekta sa kanila mula sa 15 posibleng malulubhang mga sakit kabilang ang polio, pertussis, bulutong, tetanus, tigdas, at iba pa.**



- Ang pagbabakuna ay nagpapalakas sa sistema ng imyunidad ng bata at nagbibigay ng proteksyon bago ang bata ay malantad sa mga posibleng sakit na nagbabanta sa buhay.
- Ang mga nakagawiang regular na pagbabakuna ay pumoprotekta sa iyong anak at tumutulong para maprotektahan ang iba pang mga bata, kaibigan, at pamilya sa komunidad.
- Ang pagbabakuna ay isang mahalagang magagamit (tool) para mapanatiling malusog, ligtas ang mga bata at nasa lugar ng pinag-aalagaan ng bata (childcare) at paaralan.
- Ang mga produkto ng pagbabakuna ay sinusuri upang masigurado na ligtas at epektibo ang mga ito para sa mga bata na tanggapin sa inirerekomendang mga edad
- Ligtas na tanggapin ang nakagawiang regular na mga pagbabakuna sa pagkabata (routine childhood Immunizations) kasabay ng bakuna sa COVID-19 o trangkaso.

# Napapanahon ba ang Iyong Anak para sa Lahat ng Nakagawiang Regular na Pagbabakuna?

- Maraming sanggol at bata ang hindi nakatanggap ng nakagawiang regular na pagbabakuna noong pandemya ng COVID-19. Tanungin ang iyong doktor upang alamin kung anong mga bakuna ang kailangan ng iyong anak, at kung kinakailangan, kung paano kukumpletuhin (catch-up).

**Kung mayroon kang akses sa isang cell phone na may kamera, iiskan ang kodigong QR (QR code) na ito upang kumuha ng isang mabilis na pagsusulit para sa listahan ng mga bakuna na maaaring kailanganin ng iyong anak. Magagamit din sa Espanyol.**

# Inirerekomendang Iskedyul sa 2024 ng Pagbabakuna para sa mga Bata Mula sa Kapanganakan hanggang 6 na Taong Gulang

Ang pagsunod sa inirerekomendang iskedyul ng pagbabakuna ay nagbibigay sa iyong anak ng pinakamahusay na proteksyon mula sa mga malubhang sakit.

**Makipag-usap sa nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak para sa mas marami pang gabay kung:**

1. Ang iyong anak ay may anumang medikal na kondisyon na naglalagay sa kanila sa mas mataas na panganib ng impeksyon.
2. Ang iyong anak ay naglalakbay sa labas ng Amerika.
3. Hindi nakuha ng iyong anak ang bakuna na inirerekomenda sa kanilang edad.

**Susi**

LAHAT ng mga bata sa grupo ng edad ay **dapat** magpabakuna sa edad na ito.

KARAMIHAN sa mga bata ay dapat makakuha ng dosis ng bakuna o pampigil na panlaban ng katawan sa edad na ito.

| Bakuna o Pampigil na Panlaban ng Katawan (Antibody) | Pagka panga nak | 1 Buwan | 2 Buwan | 4 na Buwan | 6 Na Buwan | 7 Buwan | 8 Buwan | 12 Buwan | 15 Buwan | 18 Buwan | 19 Na Buwan | 20-23 Buwan | 2-3 Taon | 4-6 Na Taon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| RSV antibody | Depende sa katayuan ng RSV ng nanay | | | | | | Depende sa katayuan ng kalusugan ng bata | | | | | | | |
| Hepatitis B | 1 Dosis | 2 Dosis | | | 3 Dosis | | | | | | | | | |
| Rotavirus | | | 1 Dosis | 2 Dosis | 3 Dosis | | | | | | | | | |
| DTaP | | | 1 Dosis | 2 Dosis | 3 Dosis | | | | 4 na Dosis | | | | | 5 Dosis |
| Hib | | | 1 Dosis | 2 Dosis | 3 Dosis | | | 4 na Dosis | | | | | | |
| Pneumo-coccal | | | 1 Dosis | 2 Dosis | 3 Dosis | | | 4 na Dosis | | | | | | |
| Polio | | | 1 Dosis | 2 Dosis | 3 Dosis | | | | | | | | | 4 na Dosis |
| COVID-19 | | | | | Hindi bababa sa 1 dosis ng napapanahong binagong (2023-2024 Formula) bakuna sa COVID-19 | | | | | | | | | |
| Influenza/ Trangkaso | | | | | Bawat taon. Dalawang dosis para sa ilang mga bata | | | | | | | | | |
| MMR | | | | | | | | 1 Dosis | | | | | | 2 Dosis |
| Bulutong | | | | | | | | 1 Dosis | | | | | | 2 Dosis |
| Hepatitis A | | | | | | | | 2 dosis na may 6 na buwang pagitan | | | | | | |

# Inirerekomendang Iskedyul sa 2024 ng Pagbabakuna para sa mga Batang 7 hanggang 18 Taong Gulang

Ang pagsunod sa inirerekomendang iskedyul ng pagbabakuna ay nagbibigay sa iyong anak ng pinakamahusay na proteksyon mula sa mga malubhang sakit.

**Makipag-usap sa nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak para sa mas marami pang gabay kung:**

1. Ang iyong anak ay may anumang medikal na kondisyon na naglalagay sa kanila sa mas mataas na panganib ng impeksyon.
2. Ang iyong anak ay naglalakbay sa labas ng Amerika.
3. Hindi nakuha ng iyong anak ang bakuna na inirerekomenda sa kanilang edad.

**SUSI**

- LAHAT ng mga bata sa grupo ng edad ay **dapat** kumuha ng bakuna
- KARAMIHAN sa mga bata sa grupo ng edad ay dapat kumuha ng bakuna
- LAHAT ng bata sa grupo ng edad ayu **maaaring** kumuha ng bakuna
- Mga magulang/tagapag-alaga ay dapat makipag-usap sa kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para makapagdesisyon kung ang bakunang ito ay tama para sa kanilang anak

| Inirerekomendang mga Bakuna | 7 Taon | 8 Taon | 9 Na Taon | 10 Taon | 11 Taon | 12 Taon | 13 Taon | 14 Na Taon | 15 Taon | 16 Na Taon | 17 Taon | 18 Taon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| HPV | | | | | | | | | | | | |
| Tdap [1] | | | | | | | | | | | | |
| Meningococcal ACWY | | | | | | | | | | | | |
| Meningococcal B | | | | | | | | | | | | |
| Influenza/Trang-kaso | Bawat taon. Dalawang dosis para sa ilang mga bata. | | Bawat taonr | | | | | | | | | |
| COVID-19 | Hindi bababa sa 1 dosis ng napapanahong binagong (2023-2024 Formula) bakuna sa COVID-19 | | | | | | | | | | | |
| RSV | | | | | Kung buntis sa panahon ng RSV | | | | | | | |
| Mpox | | | | | | | | | | | | |
| Dengue | | | Kung nakatira LAMANG sa isang lugar kung saan karaniwan ang dengue AT may pagsusuri ng laboratoryo na nagkukumpirma ng nakaraang impeksyon sa dengue | | | | | | | | | |

[1] Isang dosis ng Tdap ang inirerekomeda sa panahon ng bawat pagbubuntis

# Mga Bakunang Kinakailangan Para sa Pangangalaga sa Bata (Bago mag-Kindergarten)

Para protektahan ang mga bata laban sa malubhang mga impeksyon, ang batas sa pagbabakuna sa paaralan ng California ay nag-aatas sa kanila na magpabakuna bago pumasok sa pre-kindergarten (pangangalaga sa bata o preschool) at mga paaralan ng TK-12.

Inaatasan din ng batas ang mga pasilidad at paaralan bago mag-kindergarten na ipatupad ang mga kinakailangan sa pagbabakuna, panatilihin ang mga talaan ng pagbabakuna ng lahat ng mga batang nakapagpa-enroll, at magsumite ng mga ulat sa kalusugan ng publiko. Dapat ipakita ng mga magulang ang Rekord ng Pagpapabakuna (Immunization Record) ng kanilang anak bilang patunay ng pagbabakuna.

Ito ang mga kinakailangan sa Pagbabakuna para sa pagsisimula ng pangangalaga sa bata (child care) o bago mag-kindergarten (pre-kindergarten).

| Edad | Bakuna at Mga Kinakailangang Dosis |
|---|---|
| 2-3 Buwan | 1 Polio, 1 DTaP, 1 Hep B, 1 Hib |
| 4-5 Buwan | 2 Polio, 2 DTaP, 2 Hep B, 2 Hib |
| 6-14 na Buwan | 2 Polio, 3 DTaP, 2 Hep B, 2 Hib |
| 15-17 Buwan | 3 Polio, 3 DTaP, 2 Hep B, 1 Hib (sa unang kaarawan o pagkatapos), 1 Varicella, 1 MMR (sa unang kaarawan o pagkatapos) |
| 18 Buwan hanggang 5 Taon | 3 Polio, 4 DTaP, 3 Hep B, 1 Hib (sa unang kaarawan o pagkatapos), 1 Varicella, 1 MMR (sa unang kaarawan o pagkatapos) |

**DTaP** = bakuna sa diphtheria toxoid, tetanus toxoid, at acellular pertussis

**Hib** = bakuna sa Haemophilus influenzae, uring B (type B)

**Hep B** = bakuna sa hepatitis B

**MMR** = bakuna sa tigdas (measles), beke (mumps), at rubella

**Varicella** = bakuna sa bulutong

Hinango Mula sa Sangay ng Pagbabakuna sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California

**Kung mayroon kang akses sa isang cell phone na may kamera, iiskan ang kodigong QR (QR code) na ito upang kumuha ng isang mabilis na pagsusulit para sa listahan ng mga bakuna na maaaring kailanganin ng iyong anak. Magagamit din sa Espanyol.**

# Mga Bakunang Kinakailangan para sa Pagpasok sa Paaralan

Sa ibaba, makikita mo ang mga bakuna na kailangan para sa Transitional Kindergarten at Gradong K-12.

## Mga Mag-aaral na Tinanggap sa Transitional Kindergarten at Gradong Baitang K-12 ay Kailangan ng:

**Diptheria, Tetanus, at Pertussis (DTaP, DTP, Tdap, or Td) – 5 dosis**
(4 na dosis ay OK kapag ang isa ay naibigay sa ika-4 na kaarawan o pagkatapos.
3 dosis ay OK kapag ang isa ay naibigay sa ika-7 kaarawan o pagkatapos.)
Para sa mga nasa gradong 7th – 12th, hindi bababa sa 1 dosis ng bakuna na naglalaman ng pertussis ang kinakailangan sa ika-7 kaarawan o pagkatapos.

**Polyo (OPV o IPV) – 4 na dosis**
(3 dosis ay OK kapag ang isa ay naibigay sa ika-4 na kaarawan o pagkatapos)

**Hepatitis B – 3 dosis**
(Kinakailangan ng Tala (note) para sa pagpasok sa ika-7 grado)

**Tigdas [Measles], Beke [Mumps], at Rubella (MMR) - 2 dosis**
(Parehong ibinigay sa ika-1 kaarawan o pagkatapos)

**Varicella (Bulutong) – 2 dosis**

## Mga Mag-aaral na Magsisimula sa ika-7 Grado ay Kailangan ng:

**Tetanus, Diptheria, Pertussis (Tdap) – 1 dosis**
(Pampalakas na bakuna sa dalahit na ubo [whooping cough booster] na karaniwang ibinibigay sa ika-11 taong gulang pataas)

**Varicella (Bulutong) – 2 doses**
(Karaniwang ibinibigay sa edad na 12 at 4-6 taong gulang)

**Kung mayroon kang akses sa isang cell phone na may kamera, iiskan ang kodigong QR (QR code) na ito upang kumuha ng isang mabilis na pagsusulit para sa listahan ng mga bakuna na maaaring kailanganin ng iyong anak. Magagamit din sa Espanyol.**


# Pagtatago ng Rekord ng mga Pagpapabakuna ng Iyong Anak

Maaaring bigyan ka ng opisina ng iyong doktor ng **Dilaw na Tarheta ng Pagbabakuna (Yellow Immunization Card)** na mayroong petsa, uri ng bakuna, at impormasyon ng dosis na ibinigay sa iyong anak.

Ilagay ang rekord na ito sa isang ligtas na lugar kung saan madali mong mahahanap ito. Gamitin ang folder sa librito (booklet) na ito para itabi ang mga rekord ng pagbabakuna.

Dalhin ang rekord ng pagbabakuna ng iyong anak sa bawat pagbisita sa

**Dalhin ang tarhetang (card) ito sa paaralan ng iyong anak bilang patunay ng pagtanggap ng mga kinailangang mga bakuna.**




## Hindi makita ang rekord ng pagbabakuna ng iyong anak? Narito ang ilang mga lugar upang magsimula:

- Mga opisina o klinika ng doktor kung saan kamakailan nagpabakuna. Kung nawala ang tarheta (card), mabilis na makakapag-imprenta (print) ang opisina ng doktor ng isa pang kopya para sa iyo.
- Mga paaralang pinasukan ng bata dati. Bineberipika at inirerekord ng mga paaralan ang mga pagbabakuna para sa lahat ng kanilang mga mag-aaral at maaaring mahanap ang mga lumang rekord.
- Maaari ka ring makakuha ng tulong mula sa mga Registro ng Pagbabakuna sa California [California Immunization Registry (CAIR)]. **https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/CAIR/Pages/CAIR-Records.aspx**
- Para humiling ng kopya ng rekord na digital ng isang bata, pumunta sa The California Digital Vaccine Record Portal Request **https://myvaccinerecord.cdph.ca.gov/**

PAUNAWA: Kung hindi makita ang mga talaan, ligtas para sa isang bata na muling tumanggap ng ilan sa mga bakuna.

# Pagtatago ng Rekord ng mga Pagpapabakuna ng Iyong Anak

## Ipinagpatuloy

Pinapanatili ng California Immunization Registry (CAIR) na ligtas at kumpleto ang rekord ng bakuna ng iyong anak–kahit lumipat ka ng doktor, mawala ang iyong “dilaw na tarheta (yellow card)," o lumipat sa ibang lugar ng California.

Ang Immunization Registry ay isang ligtas na online na sistema na nagtatago ng mga rekord ng pagbabakuna. Maaari lamang itong gamitin ng mga doktor, ospital, pampublikong kagawaran ng kalusugan at iba pang piling programa na nagsisilbi sa mga bata.

**Kung mayroon kang akses sa isang cell phone na may kamera, iiskan ang kodigong QR (QR code) na ito upang kumuha ng isang mabilis na pagsusulit para sa listahan ng mga bakuna na maaaring kailanganin ng iyong anak. Magagamit din sa Espanyol.**

## Sundin ang mga hakbang na ito upang masigurado na napapanahon ang iyong anak sa mga bakuna.

1. I-iskedyul ang pagbisita sa kalusugan/pisikal na pagsusuri ng iyong anak nang maaga - bago magsimula ang pasukan. Ang bakasyon ng tagsibol (spring) o tag-araw (summer) ay magandang pagkakataon para magawa ito nang sa gayon ay hindi ka makaranas ng anumang pagkaantala kapag nagsimula na ang klase.

2. Tanungin ang nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak kung anong mga bakuna ang kanilang inirerekomenda. Ang ilan ay hindi kinakailangan para sa pagpasok sa paaralan ngunit lubos na inirerekomenda ng mga manggagamot para sa lahat ng mga mag-aaral.

3. Kumuha ng kopya ng rekord ng pagbabakuna tuwing magpapabakuna ang iyong anak.

4. Panatilihin ang rekord sa isang ligtas na lugar kung saan madali mong mahahanap ito. Gamitin ang folder sa harap ng libretong (booklet) ito.

5. Magbigay ng kopya ng bagong rekord ng pagbabakuna sa tagapag-alaga ng iyong anak o paaralan.

# Mayroon Ka bang mga Tanong Tungkol sa Nakagawiang Regular at Kinakailangang Pagbabakuna?

Lagyan ng tsek at/o isulat ang anumang mga katanungan na mayroon ka para sa doktor ng iyong anak at dalhin ang libretong (booklet) ito sa kanilang susunod na tipanan (appointment).



- ☐ **Paano kung nakaligtaan ng aking anak ang isang dosis?**
- ☐ **Bakit kailangan ng aking anak ng higit sa isang dosis o isang pampalakas na bakuna (booster)?**
- ☐ **Ano ang dapat kong asahan pagkatapos ng pagbabakuna?**
- ☐ **Gaano katagal pagkatapos mabakunahan bago magbigay ng proteksyon ang mga bakuna sa aking anak laban sa sakit tulad ng polyo?**

________________________________________

________________________________________

________________________________________

**Para sa mga sagot sa mga katanungang ito at mas maraming impormasyon, tingnan ang mga mapagkukunan ng impormasyon (resources) sa huling pahina o i-skan ang mga kodigo na QR (QR code) kung mayroon kang akses sa cell phone na may kamera.**

Para sa mga sagot sa mga katanungang ito at mas marami pang impormasyon, tingnan ang mga mapagkukunan ng impormasyon (resources) sa huling pahina o i-skan ang mga kodigo na QR (QR code).
[https://www.cdc.gov/vaccines/parents/index.html](https://www.cdc.gov/vaccines/parents/index.html)

## Paano Kumuha ng mga Nakagawiang Regular at Kinakailangang Pagbabakuna

- Kung mayroon kang segurong pangkalusugan (health insurance) o isang regular na tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider), mangyaring kontakin sila para sa mga serbisyo sa pagbabakuna.
- Ang mga sanggol at bata ay maaaring mabakunahan ng kanilang doktor, at kung minsan ay sa lokal na parmasya. Tandaan na maraming botika ang hindi maaaring magbakuna sa mga bata na wala pang 3 taong gulang.
- Kung ang iyong anak ay walang seguro sa kalusugan (health insurance) o kulang ang seguro (under insured)* maaari silang maging kwalipikado na tumanggap ng libre o murang pagbabakuna. Bisitahin ang http://publichealth.lacounty.gov/ip/clinics.htm para makahanap ng listahan ng libre o murang mga klinika sa pagbabakuna sa LA County o tumawag sa 2-1-1 (ang Linya ng Impormasyon ng LA County) para sa tulong sa paghahanap ng isang klinika.

*Ang mga taong kulang sa seguro (under insured) ay may segurong pangkalusugan (health insurance), ngunit ang kanilang seguro ay maaaring walang kasamang mga bakuna; maaaring sakupin lamang ang mga piling bakuna; o maaaring mayroong nakatakdang limitasyon sa dolyar/halaga para sa mga bakuna.

## Ano ang mga Benepisyo ng mga Nakagawiang Regular at Kinakailangang Pagbabakuna?

- Ang pagbabakuna sa iyong anak ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan sila mula sa malubhang sakit na dulot ng maraming sakit.
- Ang pagbabakuna sa iyong anak ay makakatulong upang mapanatili sila sa paaralan at gawing mas ligtas para sa kanila na makibahagi sa mga aktibidad na panggrupo tulad ng:
  - ✓ Pagbisita sa pamilya, mga kaibigan, at mga kapitbahay
  - ✓ Pagpunta sa mga parke ng libangan (amusement parks) at mga konsyerto (concerts)

### Ano ang iba pang benepisyo ng pagpapabakuna sa iyong anak?

1. ______________________________

2. ______________________________

# Mga Hakbang na Dapat Gawin **BAGO** Mabakunahan ang Iyong Anak



- Kausapin ang iyong anak tungkol sa kung ano ang dapat nilang asahan kapag sila ay nagpabakuna.
- Sabihin sa kanila na maaari silang makaramdam ng "kaunting kirot," "presyon," o "tusok." Iwasan ang mga salita tulad ng "sakit," "turok," o "karayom."



- Ipaliwanag sa kanila na ang pagbabakuna ay makatutulong na protektahan sila sa pamamagitan ng pagpapanatili ng kanilang magandang kalusugan.
- Kung ang iyong anak ay nasa sapat na gulang na, maaari mong planuhin ang kanilang pagbisita kasama nila. Halimbawa; tulungan silang magsanay ng mga ehersisyo sa kalmadong paghinga na magagamit nila.




- Magdala ng meryenda at paboritong laruan, libro, o kumot upang makatulong na manatiling komportable habang naghihintay.



Isulat ang anumang iba pang bagay na plano mong dalhin sa susunod na tipanan (appointment) ng iyong anak upang makatulong na panatilihin silangg kalmado at komportable.

❑ ______________________________

❑ ______________________________


❑ ______________________________


# Sumusubaybay sa mga Kakaibang Epekto (Side Effects Tracker)

Maglagay ng tsek sa tabi ng alinman sa mga kakaibang epekto (side effect) na naranasan ng iyong anak pagkatapos ng kanilang tipanan (appointment) sa pagpapabakuna at isulat kung aling mga bakuna ang kanilang natanggap, kasama ang anumang iba pang mga tala (notes) na nais mong ibahagi sa doktor sa susunod nilang pagbisita.

## Kakaibang mga Epekto (Side Effects)

- ❑ Wala
- ❑ Pananakit o pamumula sa lugar ng pinagbakunahan
- ❑ Lagnat
- ❑ Pangkaginaw (Chills)
- ❑ Pananakit ng kalamnan
- ❑ Pananakit ng Ulo
- ❑ Nakakaramdam ng pagkapagod







Mga bakunang natanggap sa huling tipanan (appointment):

________________________________

________________________________

________________________________

________________________________

Iba pang mga tala:

____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

# Iba pang mga Sanggunian (Resources)

## Mga Sanggunian ng Magulang ng Sangay ng Pagbabakuna sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California

Polyeto (brochure) ng Magulang na may Madaling Unawaing Pagpapabakuna

Inirerekomendang Iskedyul ng mga bakuna para sa mga bago mag-tinedyer at tinedyer

https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/School/resources-parents.aspx

## Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng mga Sakit (Centers for Disease Control and Prevention)

Mga iskedyul para sa lahat ng inirerekomenda na bakuna mula sa kapanganakan hanggang sa 18 taon

https://www.cdc.gov/vaccines/parents/schedules/index.html

## Bakuna para sa mga Paaralan

Mga iniaatas at regulasyon sa pagbabakuna ng California

https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/School/shotsforschool.aspx





# Kampeon sa Pagbabakuna

## Ang Sertipikonga ito ay Iginagawad kay:

Pangalan: ______________________________

Petsa: ____________________

Salamat sa pagiging napapanahon sa mga nakagawiang regular at inirerekomendang pagbabakuna, at sa pagtulong na protektahan ang iyong sarili, iyong pamilya, at iyong paaralan mula sa karamdaman at sakit!





# Kampeon sa Pagbabakuna

**Ang Sertipikonga ito ay Iginagawad kay:**

______________________________________

Petsa: ________________________

Salamat sa pagiging napapanahon sa mga nakagawiang regular at inirerekomendang pagbabakuna, at sa pagtulong na protektahan ang iyong sarili, iyong pamilya, at iyong paaralan mula sa karamdaman at sakit!

